



Sama-sama Nating Panindigan ang Isang Makatarungang Lipunan Huwag Magsuhol/Manuhol, Iulat ang Kurapsyon



Huwag Magsuhol/Manuhol

Ang panunuhol ay isang kriminal na paglabag sa Hong Kong. Ito ay panunuhol na paglabag para sa isang kawani, maging nagtatrabaho sa publikong sektor o sa pribadong sektor na kumpanya, upang manghingi o tumanggap ng kalamangan para sa pag-abuso ng kanyang kapangyarihan. Ang siyang nag-aalok ng panunuhol ay may kasalanan din. Ayon sa Ordinansang Pagpipigil ng Panunuhol (Prevention of Bribery Ordinance - PBO), ang kalamagan ay tumutukoy sa anumang bagay na may halaga, tulad ng anumang regalo, gawad, komisyon, loan, tanggapan, serbisyo at pabor. **Ang pinakamalaking parusa sa pag-aalok, panghihingi o pagtatanggap ng kalamangan ay pitong taon na pagkabilanggo at multa sa halagang HK\$500,000.**

Dalawang mga halimbawa ng panunuhol ay ibinigay sa ibaba:

■ Pag-aaplay ng serbisyo sa pamahalaan ■

Ang residente ay nagsumite ng aplikasyon para sa serbisyo sa pamahalaan. Sabik na makuha ang serbisyo na mabilis hangga't maari, ang residente ay mag-aalok ng regalo sa opisyal ng pamahalaan sa pagpapabilis ng proseso. Ang residente ay nakagawa ng paglabag sa pag-aalok ng panunuhol sa ilalim ng PBO dahil walang pag-apruba ang ibinigay ng Pamahalaan ng Hong Kong para sa kanyang mga opisyal na manghihingi o tumanggap ng regalo. Kapag ang opisyal ng pamahalaan ay tumatanggap ng regalo bilang gawad sa pagproseso ng aplikasyon, siya ay nakagawa rin ng paglabag sa panunuhol.

■ Paghahanap ng trabaho ■

Ang naghahanap ng trabaho ay mag-aalok ng HK\$3,000 sa tagapamahala ng kumpanya upang siguradong makakakuha ng trabaho. Ang naghahanap ng trabaho ay may pananagutan sa paglabag sa ilalim ng PBO, samantalang ang tagapamahala ay lumabag din sa batas kung siya, ay walang pahintulot ng kanyang kumpanya, na tatanggapin ang pera kaugnay sa negosyo ng kumpanya.


Pakitulungan ako sa aking aplikasyon. Matagal na akong naghihintay. Para sa iyo ito.



Hindi ko ito matatanggap. Illegal ito.

Independiyenteng Komisyon Laban sa Kurapsyon (ICAC)

Ang ICAC ay ang independiyente at dedikadong ahensiya laban sa kurapsyon sa Hong Kong. Nilalaban nito ang kurapsyon sa pamamagitan ng epektibong pagpapatupad ng batas, pag-iwas at pagtuturo.



Iulat ang Kurapsyon

Ang kurapsyon ay nagdudulot ng kawalang-katarungan at nakapipinsalang epekto sa ating pang-araw-araw na buhay. Huwag pahintulutan ang kurapsyon at iulat ito sa ICAC.

- Maaaring isaayos ang pagkakaroon ng serbisyong pag-i-interpret sa katutubong mga wika.
- Ang iyong pagkakakilanlan at impormasyong ibinigay ay pananatiliing kompidensyal.
- Hindi mo na kailangang gumawa ng anumang appointment. Ang mga pag-uulat ay maaaring gawin:

📞 **Sa pamamagitan ng telepono:** 25 266 366 (24 na oras na hotline)

👤 **Nang personal:** Sentro sa Pag-uulat ng ICAC (24 na oras na serbisyo) o sa alinman sa Tanggapang Panrehiyon ng ICAC

✉️ **Sa pamamagitan ng liham:** GPO Box 1000, Hong Kong



ICAC Website : www.icac.org.hk

Bibigyan kita ng trabaho kung bibigyan mo ako ng \$3,000.



Hindi kita bibigyan ng pera. Isa itong panunuhol – ilegal ito.

Hindi ko pahihintulutan ang kurapsyon. Kailangan kong iulat ito sa ICAC.

